# Kung maraming kakilala, mas mapayapa ang isip sa panahon ng sakuna.

## Sumali sa malapit na samahan ng kapitbahayan.




**【Tulungan pagkatapos ng lindol】**

Maraming bahay ang nawasak sa lindol sa Noto Peninsula.
Subalit, marami sa naninirahan doon ay mga miyembro ng samahan ng kapitbahayan.
Dahil palagi silang nagkikita at magkakilala, maari silang magtulungan noong sila ay nakatira sa mga evacuation centers (mga lugar na tatakasan sa panahon ng lindol at bagyo).

**【Panatag ang loob kapag sumali sa samahan ng kapitbahayan】**

Puwedeng makipagkaibigan sa mga kapitbahay.
Puwedeng makipagtulungan ang lahat kapag lumindol, nagka-tsunami o may bagyo.
Sasabihan kayo ng impormasyon sa lugar ninyo na magagamit ninyo.
Ang samahan ng kapitbahayan ay binubuo ng mga magkakapitbahay para gawing ligtas at madaling tirhan ang lugar nila.
Nakasulat sa papel na ito ang ginagawa ng mga samahan ng kapitbahayan.

Upang sumali sa isang asosasyon ng kapitbahayan o para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng website ng Minato Ward Office.
Mga wikang sinusuportahan sa website: Japanese, English, Chinese at Korean.

website ng
Minato Ward Office



# Mga ginagawa ng Samahan ng Kapitbahayan



**Pagsasanay sa pag-iwas sa sakuna**

Ang lahat ay nagsasanay at nag-aaral kung paano maka-evacuate para hindi magkaproblema kung may lindol o bagyo.





**Paghahanda sa oras ng sakuna**

Sa oras ng sakuna, ihahanda ang tubig at pagkain na gagamitin sa evacuation center.



**Pakikipagkilala**

Para lalong makilala ang mga kapitbahay, nagsasagawa ng mga piyesta at event.



Binabantayan ang mga bata at matatanda.

**Matatanggap ang impormasyon ng komunidad. (Matatanggap ang anunsyo mula sa samahan ng kapitbahayan at sa ward office.)**

Makakatanggap ng impormasyon mula sa administrasyon (anunsyo mula sa lungsod ng Osaka o ward office) at mga emergency na anunsyo (anunsyo kapag kailangan nang lumisan).



**Pag-iwas sa krimen (Mga gawain para makaiwas sa krimen)**

Naglalagay ng ilaw para makaiwas sa krimen (Ilaw para maliwanag ang daanan sa gabi) at CCTV (kamera sa pagpigil ng krimen).





**Nilinis ang kapaligiran**

Paglilinis ng park (Nililinis ang mga lugar na ginagamit ng lahat tulad ng park sa komunidad)

Mayroon ding mga samahan ng kapitbahayan na nangongolekta ng membership fee (Perang binabayad ng mga miyembro).